

Pamamahala ng karamdaman sa mga paaralan at maagang pagkabata

Ang isa sa pinakamahalagang bagay na maaari nating gawin upang mapabagal ang pagkalat ng coronavirus (COVID-19) sa ating komunidad ay ang manatili sa bahay kapag masama ang ating pakiramdam, kahit pa napakabanayad lamang ng ating mga sintomas.

Ang kailangan mong malaman

Kung masama ang pakiramdam ng isang bata, kahit pa napakabanayad lang ng mga sintomas, dapat siyang manatili sa bahay

Kung sumama ang pakiramdam ng bata sa maghapon, dapat silang sunduin mula sa paaralan/edukasyon sa maagang pagkabata at pangangalaga (ECEC) sa lalong madaling panahon.

Kung ang isang bata ay may alinman sa mga sintomas ng coronavirus (COVID-19) na nakabalangkas sa ibaba, gaano man kabanayad, dapat siyang masuri at dapat siyang manatili sa bahay hanggang sa matanggap niya ang kaniyang mga resulta:

- lagnat
- panginginig o pamamawis
- pag-ubo
- namamagang lalamunan
- pangangapos ng hininga
- tumutulong sipon
- pagkawala ng pang-amoy o panlasa.

Sa ilang mga kaso, ang pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, baradong ilong, pagduruwal, pagsusuka at pagtatae ay maaari ring ituring na mga sintomas.

Para sa karagdagang payo:

- tawagan ang 24 oras na hotline ng coronavirus (COVID-19) na 1800 675 398
- tawagan ang panlahatang doktor
- gamitin ang Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health - DHS) [gamit sa pantasa ng sarili sa online](#).

Bisitahin: [Saan maaaring magpasuri](#).

Ang isang bata ay dapat manatili sa bahay hanggang maglaho na ang kaniyang mga sintomas, kahit pa ang kaniyang pagsusuri para sa coronavirus (COVID-19) ay negatibo

Kung ang isang tao ay nasuring positibo para sa coronavirus (COVID-19) o natukoy bilang isang malapit na kontak, dapat niyang ihiwalay ang kanyang sarili/mag-kuwarentena hanggang sa makatanggap siya ng clearance mula sa DHS.

Ang mga batang may paulit-ulit na mga sintomas dahil sa napapailalim na mga kondisyon tulad ng hay fever o hika na ang mga sintomas ay malinaw na tipikal ng kanilang kondisyon ay maaaring magpatuloy na pumasok sa ECEC/paaralan. Dapat silang masuri para sa COVID-19 kung magkaroon sila ng mga sintomas na naiiba o mas malala kaysa sa kanilang karaniwang mga sintomas. Dapat nilang pag-isipang kumuha ng sertipikong medikal mula sa kanilang GP upang makapasok sa ECEC/paaralan kung mayroon silang mga paulit-ulit na sintomas na maaaring magkapatong-patong sa mga sintomas ng COVID-19 tulad ng pag-ubo o tumutulong sipon.

Ang mga mas maliliit na bata (pre-school hanggang sa Grade 2) ay maaaring magkaroon ng matagalang sintomas makaraang magkaroon ng virus tulad ng tumutulong sipon o ubo at maaaring bumalik sa paaralan/ECEC kasunod ng isang negatibong pagsusuri para sa COVID-19 kahit na hindi pa sila ganap na walang mga sintomas. Kakailanganin nila ng isang sertipikong medikal mula sa kanilang GP upang kumpirmahing wala silang sakit o gumaling na sila mula sa kanilang malalang karamdaman.

Para sa impormasyon tungkol sa mga minimum na panahon na kailangan ng mga mag-aaral at bata upang manatili sa bahay para sa iba pang mga kondisyon, sumangguni sa [DHS talahanayan ng pagbubukod sa paaralan](#).

Ang mga bata ay HINDI nangangailangan ng sertipikong medikal bago bumalik sa paaralan/ECEC

Kapag nawala na ang mga sintomas, walang kahingian mula sa Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (Department of Education and Training) o DHS para sa mga bata/mag-aaral na magkaroon ng sertipikong medikal bago sila bumalik sa paaralan/ECEC.

Salamat sa iyong suporta sa pagsunod sa mga hakbang na ito, kung sama-sama ay magagawa nating lahat na mananatiling ligtas.

Ang payo na ito ay inihanda ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (Department of Education and Training), Mas Ligtas na Victoria (Safer Care Victoria) at Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health)